ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ANTAS NG KAHANDAAN, INTERES, AT PAG-UNAWA SA PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG SA NUEVA VIZCAYA INSTITUTE

**Julie Ann A. Calibuso, Viel Hanna M. Haboc, Karen Joy A. Hadapin, Yara Mae G. Viernes**
*Nueva Vizcaya State University, Bambang, Nueva Vizcaya, Region 02 Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra22007
**DOI No: 10.36713/epra22007**

## ABSTRAK

*Ang panitikan ay mahalagang kasangkapan sa pagpapayaman ng wika, pagpapalalim ng pagtanggap at pag-unawa sa kultura, lalo na sa paghubog ng kamalayang panlipunan ng kabataan. Sapagkat, ang pag-aaral ay isinagawa paraa suriin ang lebel o antas ng kahandaan, interes, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute kaugnay sa asignaturang panitikan.*

*Layunin ng pananaliksik na ito na magbigay ng konkretong datos na maaaring maging daan sa pagpapaunlad ng mga estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng panitikan sa konteksto ng K–12 Kurikulum, kung saan ito ay ginagamit upang linangin ang mapanuri at makataong pag-iisip ng mga mag-aaral.*

*Ayon sa mga nakalap na resulta, lumabas na may mataas na antas ng kahandaan ang mga respondente, na nagpapakita ng kanilang sapat na kakayahan at kahandaang emosyonal sa pakikilahok sa araling panitikan. Gayundin, mataas din ang kanilang interes at pag-unawa, na nagpapahiwatig ng positibong pagtingin sa asignatura.*

*Bagaman maganda ang naging tugon ng mga mag-aaral, inirerekomenda pa rin ang paglinang ng mga pedagogikal na interbensyon upang higit pang mapalalim ang pagkatuto. Makatutulong ang paggamit ng mga contextualized at interaktibong kagamitang panturo upang mas maisaalang-alang ang kanilang antas ng kaalaman at karanasan sa panitikan.*

**MGA SUSING SALITA:** *Kahandaan ng Mag-aaral, Pag-unawa sa Panitikan, Pamamaraan sa Pagtuturo*

## INTRODUKSYON

Ang kahandaan, interes, at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan ay itinuturing na mahahalagang salik sa kanilang epektibong pagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang kahandaan ay nasusukat sa kanilang aktibong pakikibahagi sa mga talakayan at kakayahang tumugon sa mga gawaing pampanitikan. Kaakibat nito, ang interes ay makikita sa kanilang sigasig sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan at aktibong pakikilahok sa mga talakayan. Samantala, ang pag-unawa ay nasasalamin sa lalim ng pagsusuri ng mga tema, nilalaman, at kaisipang isinasaad sa mga teksto. Ang integrasyon ng tatlong aspektong ito ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kakayahan sa pagbasa at mas pinalalim na pag-iisip, gayundin ang paglinang ng pagpapahalaga sa panitikang Filipino bilang salamin ng kultura at karanasang pambansa.

Batay sa pananaliksik ng International Conference on Contemporary Education, Psychology and Humanities (ICCEPH), natukoy na ang mga mag-aaral ay hindi pa naaabot ang inaasahang antas sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Lumabas sa kanilang datos na mababa ang kasanayan sa pagbasa, interes sa pagsulat, at pag-unawa sa panitikan. Ipinapakita ng mga ito ang kakulangan sa motibasyon at masusing pag-unawa, kaya't nangangailangan ng agarang tugon ang isyung ito upang matukoy ang tunay na kakayahan ng mga mag-aaral batay rito.

Mula sa pag-aaral nina Palma at Tubo (2022), lumabas na mababa ang interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino 7. Isa sa mga itinuturong dahilan ay ang patuloy na paggamit ng makalumang estilo ng pagtuturo na hindi akma sa mga karanasan at pangangailangang pang-edukasyon ng mga mag-aaral. Ayon pa sa kanilang pag-aaral, ang kawalan ng koneksyon ng mga aralin sa pang-araw-araw na buhay ng mga estudyante ay nagiging sanhi ng pagbaba ng kanilang motibasyon sa pagkatuto. Bilang tugon, iminungkahi nila ang paggamit ng mas makabago at interaktibong mga metodolohiyang makatutulong para mapaunlad ang kakayahan umunawa sa iba't ibang panitikang Filipino.

Ang kahandaan ay tumutukoy sa lebel ng kasanayan at kaalaman, at emosyonal na paghahanda ng mag-aaral bago simulan ang pag-aaral. Ayon kay Garcia (2019), mahalaga ang kahandaan upang maunawaan ng mag-aaral ang bagong konseptong tinatalakay sa asignatura. Kapag mataas ang antas ng kahandaan, mas epektibong naisasakatuparan ang proseso ng pagkatuto.

Ang interes naman ay sumasalamin sa lebel ng pagkahilig at konsentrasyon ng mga mag-aaral sa mga araling pampanitikan. Batay sa pananaliksik nina Mendoza at Reyes (2020), ang pagkakaroon ng interes ay isang mahalagang salik upang mapanatili ang motibasyon sa pag-aaral, lalo na sa asignaturang Filipino.

Sa pag-aaral ni Cordova (2024), iminungkahi ang integrasyon ng Sustainable Development Goals (SDGs) sa pagtuturo ng panitikan. Ayon sa kanya, ito ay nakatutulong upang mas mapalalim ang kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral at mapataas ang antas ng kanilang interes, kahandaan, at pakikilahok sa mga aralin. Nakaugnay ito sa layunin ng SDG 4 na naglalayong magbigay ng dekalidad at inklusibong edukasyon para sa lahat. Partikular na binibigyang diin ng Target 4.7 ang pagkakaroon ng katangiang may sapat na kaalaman at kasanayan ng mag-aaral para sa pagsusulong ng sustainable development, global citizenship, at pangangalaga sa kalikasan. Sa ganitong pananaw, ipinakita ni Cordova na ang pag-uugnay ng panitikan sa mga kontemporaneong isyu ay epektibong paraan upang mapalawak ang kaalaman at kamalayan ng mga kabataan.

Ang panitikan ay nagsisilbing mahalagang paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa wika at mahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Bukod dito, nakatutulong ito sa pagpapalalim ng kanilang pang-unawa sa kultura at iba't ibang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

karanasan ng tao, pati na rin sa pagbibigay ng pagkakataon na maipahayag nila nang malinaw ang kanilang mga ideya at damdamin. Kaya naman kailangang masusing suriin ang mga aspeto ng kahandaan, interes, at pag-unawa upang makabuo ng mga nararapat na hakbang na makatutulong sa pagpapahusay ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Dahil dito, susubukin ng pananaliksik na ito na magawa ng mga konkretong interbensyon, tulad ng paglikha ng Instructional Materials (IMs) na magiging gabay sa mas epektibong pagtuturo ng panitikan. Ang mga materyales ay inaasahang makatutugon sa mga pangangailangan sa lalo pang ipapagpapaunlad ng makabuluhang pagkatuto.

Nilalayon nitong tuklasin ang antas ng mga aspektong ito upang mas maunawaan ang kalagayan ng mga estudyante kaugnay sa pag-aaral ng panitikan sa Ikapitong Baitang ng Nueva Vizcaya Institute

**Paglalahad ng Suliranin**
Dahil dito, nakatuon ang pananaliksik na matugunan ang mga hinahanap na sagot ang mga sumusunod na katanungan;

a. Ano ang propayl ng mga respondente batay sa edad, kasarian at grado sa asignaturang Filipino?
b. Ano ang antas ng kahandaan, interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute?
c. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan, interes at pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute?

**Haypotesis**
Ang mga mag-aaral sa ika-pitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute ay walang ipinapakitang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang kahandaan, interes, at pag-unawa sa panitikan

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**
Ang pag-aaral ay gagamit ng kwantitatibong disenyo upang masukat ang antas ng kahandaan, pag-unawa at interes sa pantikan ng mga mag-aaral sa Nueva Vizcaya Institute. Sa pamamagitan ng deskriptibo-kwantitatibong disenyo, makalilikom ng datos gamit ang isang survey questionnaire na naglalaman ng mga pahayag na nasusukat gamit ang 4-point Likert Scale**.**

Gagamitin din sa pag-aaral ang ANOVA Test at T-test upang makita ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan at pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik**
Sa pananaliksik na ito, ang mga kalahok ay binubuo ng tatlumpung mag-aaral na kasalukuyang nasa ikapitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute para sa taong panuruan 2024–2025. Ang bilang ng mga respondente ay sinadyang piliin upang magbigay ng sapat na datos na maaaring magsilbing representasyon ng kanilang pangkat sa pagsusuri ng kahandaan, interes, at pag-unawa sa panitikan.

**Kasangkapan ng Pangangalap ng Datos**
Ang pangunahing kasangkapan na gagamitin sa pananaliksik na ito ay isang structured na questionnaire na binuo ng mga mananaliksik. Ang talatanungan ay nahati sa tatlong bahagi na sumusukat sa kahandaan, pag-unawa, at interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Gumamit ito ng Likert Scale na may apat na antas na kasagutan: Ang antas ng pagsang-ayon ay sinusukat gamit ang apat na punto na sukatan. Ang pinakamataas na marka na 4 ay nangangahulugang lubos na sumasang-ayon, samantalang ang iskor na 3 ay nagpapakita ng simpleng pagsang-ayon. Kung ang iskor ay nasa 2, ito ay nagpapahiwatig ng hindi pagsang-ayon, at ang pinakamababang marka na 1 ay nangangahulugang lubos na hindi sumasang-ayon.. Ang bawat bahagi ng talatanungan ay binuo batay sa mga layunin ng pananaliksik. Layunin ng kasangkapang ito na makakalap ng tiyak at obhektibong datos mula sa mga piling mag-aaral na siyang magiging batayan sa pagsusuri at pagbibigay-interpretasyon sa resulta ng pananaliksik.

**Paraan ng Pangangalap ng Impormasyon**
Sa pag-aaral na ito, gagamit ang mananaliksik ng survey questionnaire bilang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng impormasyon. Ang talatanungan ay ipinamahagi sa mga piling mga mag-aaral mula sa Nueva Vizcaya Institute ng Ikapitong Baitang sa pamamagitan ng nakalimbag na kopya o talatanungan. Bago ipinamahagi ang talatanungan, humingi muna ng pahintulot ang mga mananaliksik sa tagapayo at ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pananaliksik, gayundin ang pagiging kumpidensyal ng kanilang mga sagot. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa loob ng ilang araw at ang mga nakalap na impormasyon ay gagamitin bilang batayan sa pagsusuri ng mga layunin ng pananaliksik.

**Pagsusuri ng nakalap na datos**
Ang mga datos na nakuha mula sa mga sinagutang questionnaire ay pinag-aralan gamit ang deskriptibong estadistikang pamamaraan tulad ng mean, porsyento, at standard deviation upang malaman ang antas ng kahandaan, interes, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin sa panitikan. Sa pamamagitan ng mga estadistikang ito, nasuri ang kabuuang pananaw at saloobin ng mga kalahok base sa kanilang mga tugon sa survey.

Ang bawat sagot ay binigyan ng katumbas na numerikal na halaga batay sa 4-point Likert Scale na may sumusunod na interpretasyon:

| Iskor | Kahulugan ng Tugon |
|---|---|
| 3.26 hanggang 4.00 | Lubos na pumapayag o sumasang-ayon |
| 2.51 hanggang 3.25 | Pumapayag o sumasang-ayon |
| 1.76 hanggang 2.50 | Hindi pumapayag o hindi sumasang-ayon |
| 1.00 hanggang 1.75 | Lubos na hindi pumapayag o hindi sumasang-ayon |

Ang interpretasyong ito ay magiging batayan sa pagsusuri sa mga pananaw ng mga mag-aaral ukol sa kanilang kahandaan, pag-unawa, at interes sa panitikan sa Filipino.

## RESULTA AT DESKUSIYON

***a. Ano ang propayl ng mga respondente batay sa edad, kasarian at grado sa asignaturang Filipino?***

| Edad | Dalas | Porsyento |
|---|---|---|
| 11 | 3 | 10% |
| 12 | 16 | 53.33% |
| 13 | 8 | 26.67% |
| 14 | 3 | 10% |
| Kabuuan | 30 | 100% |

**Talahanayan 1:** ***Propayl ng mga Respondente Batay sa Edad***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Makikita sa Talahayan 1 na ang may pinakamaraming bilang ng mga respondente ay nasa edad 12, na may kabuuang 16 na mag-aaral o 53.33% ng lahat ng kalahok. Sumusunod dito ang edad 13, na may 8 respondente o 26.67%. Samantala, may tig-3 respondente lamang ang mga edad 11 at 14, na kapwa bumubuo ng 10% ng kabuuang bilang. Ang mga nakalap ay mahalaga upang masuri kung ang mga mag-aaral sa iba't ibang edad ay may kaugnayang sa kanilang pagkatuto.

| Kasarian | Dalas | Porsyento |
|---|---|---|
| Lalaki | 17 | 56.67% |
| Babae | 13 | 43.33% |
| Kabuuan | 30 | 100% |

**Talahanayan 2:** ***Propayl ng mga Respondente Batay sa Kasarian***

Sa talahanayan 2, ipinakikita ang distribusyon ng kasarian ng mga mag-aaral na naging respondente sa pag-aaral. Batay sa datos, karamahinang respondente sa pag-aaral ay kalalakihan na may 17 bilang o 56.67%. Samantala, ang mga babae ay may kabuuang 13 respondente o 43.33% ng kabuuang bilang.

| Grado | Dalas | Porsyento | QD |
|---|---|---|---|
| 75-80 | 1 | 3 | Fair |
| 81-85 | 4 | 13 | Least Satisfactory |
| 86-90 | 12 | 40 | Satisfactory |
| 91-95 | 10 | 34 | Very Satisfactory |
| 96-100 | 3 | 10 | Outstanding |
| Total | 30 | 100 | |
| Overall Mean | 89.5 | | Satisfactory |

**Talahanayan 3:** ***Propayl ng mga Respondente Batay sa Grado***

Makikita sa Talahayan 3 na karamihan sa mga respondente ay nakakuha ng grado sa pagitan ng 86–90, na may 12 mag-aaral o 40%, na kabilang sa kategoryang Satisfactory. Sumunod dito ay ang 91–95 na saklaw ng grado na may 10 mag-aaral o 34%, at may Very Satisfactory na deskripsyon. Tatlo (3) o 10% naman ang nakakuha ng mataas na grado na 96–100 na tinuturing na Outstanding.

Samantala, may 4 mag-aaral (13%) ang nasa Least Satisfactory na antas (81–85), at isa (1) o 3% ang nasa Fair na kategorya (75–80). Sa kabuuan, ang mean o pangkalahatang grado ay 89.5, na naaayon sa deskripsyong Satisfactory.

***b. Ano ang antas ng kahandaan, interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute?***

| | Karaniwang Grado | Diskripsiyong Kwalitatibo |
|---|---|---|
| Antas ng Kahandaan | 3.49 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Antas ng Interes | 3.59 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Antas ng pag-unawa | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon |

***Talahanayan 4: Antas ng kahandaan, interes, at pag-unawa ng mga mag-aaral***

Ang datos sa Talahayan 4 ay nagpapahiwatig na ang mga nasa Ikapitong Baitang ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaalaman, kasigasigan, at mawalak na pang-unawa sa larangan ng Panitikan. Sa antas ng kandaan, may karaniwang grado na 3.49 na tinututumbasan sa kwalitatibong deskripsyong "Lubos na sumasang-ayon," na nangangahulugang karamihan sa kanila ay may sapat na kahandaan sa pag-aaral ng pantikan. Ganun din sa antas ng interes, kung saan nakuha ang karaniwang grado o mean na 3.59, na nagpapakita na mataas ang kanilang pagkahilig at interes sa mga paksang may kinalaman sa panitikan. Bukod dito, ang antas ng pag-unawa ay may karaniwang grado o mean na 3.58, na nangangahulugang lubos nilang nauunawaan ang mga aralin at konsepto sa panitikan. Sa kabuuan, makikita na positibo ang pananaw ng mga estudyante sa panitikan dahil sa sa malalim na kaalaman, matinding interes, at sapat na pag-unawa sa mga paksa nito.

***c. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan, interes at pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute?***

| Baryabol | P-value | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **Edad** | 0.135 | **Hindi makabuluhan** (0.135 > 0.05) – Walang sapat na ebidensiya na may epekto ang edad sa antas ng kahandaan. |
| **Kasarian** | 0.003 | **Makabuluhan** (0.003 < 0.05) – May malinaw na pagkakaiba sa kahandaan batay sa kasarian. |
| **Grado** | 0.031 | **Makabuluhan** (0.031 < 0.05) – May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan batay sa grado. |

***Talahanayan 5: Makabuluhang pagkakaiba ng edad, kasarian at grado sa antas ng kahandaan sa panitikan ng mga mag-aaral***

Batay sa ipinakitang datos sa Talahayanan 5, sinuri itong mabuti at may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahandaan sa panitikan ng mga mag-aaral batay sa kanilang edad, kasarian, at grado. Ipinakita ng pagsusuri na ang **P-value para sa kasarian ay 0.003** at **para sa grado ay 0.031**, na kapwa mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na **α = 0.05**. Ibig sabihin, may **makabuluhang pagkakaiba** sa antas ng kahandaan sa panitikan ng mga mag-aaral batay sa **kasarian** at **grado**. Samantala, ang **P-**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**value para sa edad ay 0.135**, na mas mataas sa α = 0.05. Dahil dito, ipinapakahulugan na **walang makabuluhang pagkakaiba** sa antas ng kahandaan ng mga mag-aaral batay sa kanilang **edad**. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang kasarian at grado ay maaaring makaapekto sa kahandaan ng mag-aaral sa pag-unawa sa panitikan, samantalang ang edad ay hindi nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa naturang aspekto.

Mula sa pag-aaral ni Cruz (2018), natuklasan na may pagkakaiba sa antas ng kahandaan sa pag-aaral ng panitikan batay sa kasarian, kung saan mas mataas ang kahandaan ng mga babae kaysa sa mga lalaki. Sinusuportahan naman ito ng pag-aaral nina Santos at dela Cruz (2020) na nagpakita ng ugnayan ng antas ng grado sa kahandaan ng mga mag-aaral sa akademikong asignatura, dahil mas handa ang mga estudyante na may mataas na grado sanhi ng mas matagal na pagkalantad at karanasan. Samantala, ayon kay Ayon kay Reyes (2019), ang antas ng kahandaan ng mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan ay maaaring maapektuhan ng kanilang edad, sapagkat may kaugnayan ito sa antas ng pag-unawa, damdaming pansining, at karanasang pampagkatuto. Mas nakatutugon sa masalimuot na tema at simbolismo ng panitikan ang mga mag-aaral na nasa tamang gulang o antas ng emosyonal na pag-unlad, kumpara sa mga mas bata pa.

| Baryabol | P-value | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **Edad** | 0.032 | **Makabuluhan** (0.032 < 0.05) – May makabuluhang pagkakaiba batay sa edad. |
| **Kasarian** | 0.044 | **Makabuluhan** (0.044 < 0.05) – May makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian. |
| **Grado** | 0.307 | **Hindi makabuluhan** (0.307 > 0.05) – Walang makabuluhang pagkakaiba batay sa grado. |

***Talahanayan 6: Makabuluhang pagkakaiba ng edad, kasarian at grado sa antas ng interes sa panitikan ng mga mag-aaral***

Ayon naman sa Talahayanan 6, natuklasang may **makabuluhang pagkakaiba** sa antas ng interes ng mga mag-aaral sa panitikan batay sa **edad (P = 0.032)** at **kasarian (P = 0.044)**, sapagkat ang mga ito ay mas mababa sa α = 0.05. Samantala, ang **grado (P = 0.307)** ay hindi nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba. Ipinapahiwatig nito na ang edad at kasarian ay maaaring makaapekto sa antas ng interes ng mag-aaral sa panitikan, samantalang ang grado ay hindi nagpapakita ng mahalagang ugnayan sa aspetong ito.

Batay sa pananaliksik ni Mendoza (2017), natuklasan na ang edad ng mag-aaral ay may impluwensya sa kanilang interes sa panitikan, kung saan mas mataas ang interes ng mas nakatatandang estudyante dahil sa mas malawak nilang karanasan at pag-unawa. Samantala, ipinakita ng pag-aaral ni Garcia (2021) na may kaugnayan ang kasarian sa antas ng interes sa mga asignaturang pampanitikan, kung saan madalas mas interesado ang mga babae kumpara sa mga lalaki. Ayon naman kay Velasco (2016), maaaring maimpluwensyahan ng marka sa akademiko ang pagkagusto o motibasyon ng mga estudyante sa pag-aaral ng panitikan. Sa kabuuan, malinaw na ang edad at kasarian ang may mahalagang papel sa paghubog ng interes ng mga mag-aaral sa panitikan, samantalang ang grado ay hindi gaanong nakaaapekto.

| Baryabol | P-value | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **Edad** | 0.718 | **Hindi makabuluhan** (0.718 > 0.05) – Ang edad ay walang epekto sa antas ng pag-unawa. |
| **Kasarian** | 0.023 | **Makabuluhan** (0.023 < 0.05) – Ang kasarian ay may epekto sa antas ng pag-unawa. |
| **Grado** | 0.121 | **Hindi makabuluhan** (0.121>0.05) – Ang grado ay walang epekto sa antas ng pag-unawa. |

***Talahanayan 7: Makabuluhang pagkakaiba ng edad, kasarian at grado sa antas ng pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral***

Batay sa ipinakitang datos sa Talahayanan 7, tanging ang **kasarian (P = 0.023)** kakikitaan ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral hinggil sa panitikan dahil ito ay mas mababa kaysa sa itinakdang **α = 0.05**. Sa kabilang banda, ang **edad (P = 0.718)** at **grado (P = 0.121)** ay parehong hindi makabuluhan sapagkat ang kanilang mga P-value ay mas mataas sa α. Ipinahihiwatig ng resulta na ang **kasarian** ay maaaring may epekto sa kung paano nauunawaan ng mga mag-aaral ang panitikan, samantalang walang sapat na ebidensiya upang sabihing may kaugnayan ang **edad** at **grado** sa antas ng kanilang pag-unawa.

Natatangi sa resulta na ang kasarian lamang ang may makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan, samantalang ang edad at grado ay walang makabuluhang kaugnayan. Sumusuporta dito ang pag-aaral ni Lim (2019) na nagpapakita ng pagkakaiba sa estratehiya ng pag-unawa batay sa kasarian. Sinabi rin ni Hernandez (2018) na ang edad ay hindi masyadong nakakaapekto sa pag-unawa, kung saan ang kalidad ng pagtuturo at personal na interes ang mas malaking salik. Bukod dito, ipinakita ni Torres at Alvarez (2020) na walang kaugnayan ang grado sa antas ng pag-unawa sa panitikan ng mga mag-aaral.

**Kongklusyon**

Mula sa mga datos, maaaring ipahayag ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. **Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kahandaan, interes, at pag-unawa** sa panitikan, na nangangahulugang may positibong saloobin sila sa asignatura.
2. **Ang kasarian ay may malaking impluwensiya** sa lahat ng aspekto ng pagkatuto sa panitikan. Sumusuporta ito sa pananaliksik nina Lim (2019) at Garcia (2021) na may pagkakaiba sa pag-unawa at interes batay sa kasarian.
3. **Ang grado ay may epekto lamang sa kahandaan**, subalit hindi sa interes at pag-unawa. Ito ay naayon sa pag-aaral nina Santos at dela Cruz (2020).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

4. **Ang edad ay may epekto sa interes lamang**, ngunit hindi ito nakaaapekto sa kahandaan at pag-unawa. Tugma ito sa pahayag ni Reyes (2019) at Velasco (2016).

Mula sa pagsusuri ng mga datos, maaaring ipagpalagay na ang mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Nueva Vizcaya Institute may positibong saloobin sa panitikan. Malinaw na ipinapakita ng resulta na ang kasarian ay may mahalagang papel sa paghubog ng kahandaan, interes, at pag-unawa sa panitikan. Gayundin, ang antas ng akademikong grado ay may kaugnayan sa kahandaan, Napag-alaman na ang edad ay nakaaapekto sa antas ng interes ng mga estudyante. Mahalaga ang mga impormasyong ito upang mapabuti ang mga pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan at upang makabuo ng mga makabuluhan kagamitang pampagtuturo.

**Rekomendasyon**

Dahil sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, nararapat na isaalang-alang ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. **Magdisenyo ng mga gender-sensitive na kagamitang pampagtuturo** na sensitibo sa mga pagkakaiba ng kasarian, upang mas epektibong matugunan ang natatanging pangangailangan at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng panitikan.
2. **Bumuo ng remedial at support-based learning materials** na partikular na idinisenyo para sa mga mag-aaral na may mababang grado sa asignaturang Filipino, upang mapalalim ang kanilang kahandaan sa pag-unawa ng mga tekstong pampanitikan.
3. **Maghanda ng age-appropriate at interest-based learning modules** na naglalaman ng mga kontekstwalisadong gawain at tekstong panliterari upang mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan.
4. **Gamitin ang resulta ng pananaliksik upang gumawa ng adaptable instructional materials** na maaaring gamitin sa iba't ibang paaralan o setting, upang mas mapaigting ang bisa ng mga ito sa mas malawak na populasyon ng mag-aaral.
5. **Lumikha ng IMs na tumutugon sa iba't ibang salik ng pagkatuto** tulad ng socio-economic background, learning styles, at impluwensiya ng guro, upang masiguro na ang pagtuturo ng panitikan ay inklusibo at epektibo para sa lahat ng mag-aaral

## TALASANGGUNIAN


1. *Cordova, M. (2024). Integrating sustainable development goals in English language and literature teaching. Frontiers in Education, 9, Article 1330034. https://doi.org/10.3389/feduc.2024.1330034*
2. *Cruz, M. D. (2018). Ang kahandaan ng mga estudyante sa pag-aaral ng panitikan sa sekondarya. Journal of Filipino Education, 12(2), 45–60.*
3. *Dela Cruz, M. P. (2017). Kahandaan ng mga mag-aaral sa panitikan sa senior high school sa isang pampublikong paaralan sa Maynila (Master's thesis, Polytechnic University of the Philippines).*
4. *Garcia, A. L. (2021). Kasarian at interes: Isang pagsusuri sa pagtuturo ng panitikan. Panitikan at Pedagohiya, 7(1), 33–47.*
5. *Garcia, M. P. (2019). Kahandaan ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng Filipino: Isang pagsusuri. Philippine Journal of Education, 45(1), 25–38. https://philjournal.edu.ph/article/2019/kahandaan-mga-mag-aaral*
6. *Hernandez, J. R. (2018). Edad at pag-unawa sa panitikan: Isang eksploratoryong pag-aaral. Dalumat: Journal of Interdisciplinary Studies, 5(3), 75–89.*
7. *ICCEPH. (2024). Hamon ng mag-aaral kaugnay sa pagkatuto at pagpapahalaga ng panitikan sa Filipino. International Conference on Contemporary Education, Psychology and Humanities. https://doi.org/10.5281/zenodo.13310653*
8. *Mendoza, A. B. (2017). Epekto ng edad sa interes ng mga estudyante sa panitikan. Asian Journal of Humanities and Social Sciences, 10(4), 85–99.*
9. *Mendoza, L. R., & Reyes, J. A. (2020). Interes ng mga mag-aaral sa Filipino bilang salik sa akademikong tagumpay. Journal of Philippine Education Research, 12(2), 102–115. https://jper.ph/interes-mag-aaral-filipino*
10. *Palma, J. U., & Tubo, T. T. (2022). Komprehensyon sa mga piling akdang panitikan at akademikong performans ng mga mag-aaral sa Filipino 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol. Journal of Filipino Studies, 15(2), 45–60. https://www.academia.edu/104166000*
11. *Reyes, J. M. (2019). Pag-aaral sa epekto ng edad sa kahandaan ng mga mag-aaral sa panitikan. Educational Research Quarterly, 24(3), 73–88.*
12. *Santos, D. A., & dela Cruz, J. M. (2020). Grado at kahandaan: Isang korelatibong pag-aaral sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Akademikong Suri, 8(1), 14–28.*
13. *Torres, M. C., & Alvarez, L. A. (2020). Pag-unawa sa panitikan at ugnay nito sa akademikong grado. Philippine Journal of Literary Education, 6(2), 90–103.*
14. *Velasco, L. F. (2016). Epekto ng grado sa interes ng mga mag-aaral sa panitikan. Philippine Educational Review, 8(1), 58–69.*